

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Gamit ng mga Pangngalan

Kakayahan: Natutukoy kung ano ang gamit ng pangngalan sa pangungusap

Tukuyin ang gamit ng pangngalan na may salungguhit. Isulat ang sagot sa patlang gamit ang mga titik na sumusunod: **S** (simuno o paksa), **KP** (kaganapang pansimuno), **P** (panawag), **PM** (pamuno), **TL** (tuwirang layon), o **LP** (layon ng pang-ukol).

- _____ 1. Ang mga mamamayan ay aktibo sa mga gawaing panlipunan.
- _____ 2. Ale, nahulog po ang pitaka ninyo.
- _____ 3. Droga ang salot ng maraming lipunan.
- _____ 4. Binigyan ng pang-unang lunas ng mga doktor ang mga sugatan.
- _____ 5. Nagdiwang ng ika-sampung anibersaryo ang *Holy Mary School*, ang paaralan nina Trina at Sara.
- _____ 6. Nagpahinga ang magsasaka sa ilalim ng malaking puno.
- _____ 7. Anu-ano ang mga adhikain mo para sa bayan?
- _____ 8. Kapayapaan ang hangad ng mga karaniwang tao sa Iraq.
- _____ 9. Huwag kang maniwala sa mga sabi-sabi, Aling Trining.
- _____ 10. Si Ate Rosita ay naghanda ng masarap na meryenda para sa ating lahat.
- _____ 11. Mahalaga para sa mga Pilipino ang demokrasya.
- _____ 12. Sina Roberto at Irene, ang mga magulang ni Sofia, ay dadalo sa salu-salo.
- _____ 13. Ayon sa Saligang-Batas, libre ang pag-aaral sa mga pampublikong paaralan.
- _____ 14. Ang ating pangangailangan ay natutugunan ng ating mga magulang.
- _____ 15. Ang aming organisasyon ay naglunsad ng programa para sa kabataan.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Gamit ng mga Pangngalan (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy kung ano ang gamit ng pangngalan sa pangungusap

Tukuyin ang gamit ng pangngalan na may salungguhit. Isulat ang sagot sa patlang gamit ang mga titik na sumusunod: **S** (simuno o paksa), **KP** (kaganapang pansimuno), **P** (panawag), **PM** (pamuno), **TL** (tuwirang layon), o **LP** (layon ng pang-ukol).

- S 1. Ang mga mamamayan ay aktibo sa mga gawaing panlipunan.
- P 2. Ale, nahulog po ang pitaka ninyo.
- KP 3. Droga ang salot ng maraming lipunan.
- TL 4. Binigyan ng pang-unang lunas ng mga doktor ang mga sugatan.
- PM 5. Nagdiwang ng ika-sampung anibersaryo ang *Holy Mary School*, ang paaralan nina Trina at Sara.
- LP 6. Nagpahinga ang magsasaka sa ilalim ng malaking puno.
- LP 7. Anu-ano ang mga adhikain mo para sa bayan?
- KP 8. Kapayapaan ang hangad ng mga karaniwang tao sa Iraq.
- P 9. Huwag kang maniwala sa mga sabi-sabi, Aling Trining.
- TL 10. Si Ate Rosita ay naghanda ng masarap na meryenda para sa ating lahat.
- S 11. Mahalaga para sa mga Pilipino ang demokrasya.
- PM 12. Sina Roberto at Irene, ang mga magulang ni Sofia, ay dadalo sa salu-salo.
- LP 13. Ayon sa Saligang-Batas, libre ang pag-aaral sa mga pampublikong paaralan.
- S 14. Ang ating pangangailangan ay natutugunan ng ating mga magulang.
- TL 15. Ang aming organisasyon ay naglunsad ng programa para sa kabataan.